Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

**27 Hulyo 2026**

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 503 s. 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2026 SA ILALIM NG THREE-TERM SCHOOL CALENDAR**

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihalang Pansangay
Hepe, Dibisyon ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Hepe, Dibisyon ng Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan
Tagamasid Pansangay
Mga Punongguro
Mga Tagapag-ugnay sa Filipino

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing buwan ng Agosto, sa Panrehiyunal na Memorandum Blg. 475, s. 2026, at sa *DepEd Order No. 009, s. 2026 o Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education*, ang Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod ng Tayabas ay nakikiisa sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2026** sa buong buwan ng Agosto na may temang, "*Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.*"

2. Layunin ng pagdiriwang na ito na higit na mapalalim ang kamalayan, pagpapahalaga, at pagmamalaki ng mga mag-aaral, guro, at kawani sa wikang Filipino bilang mahalagang saligan ng edukasyon, kultura, pambansang pagkakakilanlan, at pagkakaisa. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng temang, "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon" ang mahalagang papel ng wikang Filipino sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya, kabilang ang *artificial intelligence (AI),* bilang kasangkapan sa pananaliksik, paglikha ng kaalaman, at pagpapalawak ng akses sa impormasyon para sa kapakinabangan ng mga Pilipino.

3. Bilang pagsasaalang-alang sa implementasyon ng *Three-Term School Calendar* at upang matiyak na hindi maaantala ang mga gawaing pang-akademiko at pagkatuto ng mga mag-aaral, ang lahat ng paaralan ay inaatasang magsagawa ng mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wika sa paraang nakaangkla sa mga layunin ng kurikulum at nakahanay sa mga nakatakdang gawaing pampaaralan.

Ang mga patimpalak at iba pang kaugnay na gawain ay maaaring isagawa bilang bahagi ng mga gawaing pampagkatuto sa loob ng klase o pagkatapos ng regular na oras ng pagtuturo. Hinihikayat din ang integrasyon ng mga gawaing pangwika sa mga aralin sa Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at iba pang asignaturang naaangkop.

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 503 s. 2026

4. Bilang paghahanda sa mga gawaing may kaugnayan sa Piyesta ng Talento, iminumungkahi ang mga sumusunod na patimpalak:

a. TahiRawan para sa Key Stage 1 (KS1)
b. LikhaWento para sa Key Stage 2 (KS2)
c. DokyoKwento para sa Key Stage 3 (KS3)
d. Mobile Journalism para sa Key Stage 4 (KS4) at nasa pamamahayag
e. Kwentong Basa ni Tatay/Nanay para sa mga magulang at iba pang stakeholder

5. Hinihikayat ang lahat ng guro at kawani na magsuot ng kasuotang Pilipino o may temang maka-Filipino tuwing araw ng Lunes sa buwan ng Agosto. Gayundin, inaasahan ang mas malawak na paggamit ng wikang Filipino at mga likhang Pilipino sa mga seremonya ng pagtataas ng watawat, mga pulong, programa, pagdiriwang, at iba pang opisyal na gawain sa paaralan at opisina, alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon at ng Komisyon sa Wikang Filipino.

6. Kalakip ng memorandum na ito ang Panrehiyunal na Memorandum Blg. 475, s. 2026 na may pamagat na "Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026" na inilabas noong ika-15 ng Hulyo 2026 bilang gabay sa pagpapatupad ng mga gawaing nakapaloob dito. Maaring mada-download ang digital na poster at iba pang kolaterals sa: https://hostyurl.com/HB40c1.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapatupad ng Memorandum na ito.

Para kay:

**CELEDONIO B. BALDERAS JR.**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Mula kay:

**HERBERT D. PEREZ**
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Opisyal na Itinalagang Mamahala

Encl.: As stated
Reference: Panrehiyunal na Memorandum Blg. 475 s. 2026
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

BUWAN NG WIKA 2026

CID- pagdiriwang ng buwan ng wika 2026 sa ilalim ng three-term school calendar
CIDBP66A-003477/Hulyo 27, 2026

**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
00000867
By: Pao Date: 7/21/26



CLMD-RM-2026-475

15 Hulyo 2026

**Panrehiyunal na Memorandum**
Blg.475 s.2026

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026

Sa **Mga Pansangay Tagapamanihala ng mga Paaralan**

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto, at bilang pakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON ay nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 na may temang "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon."

2. Layunin ng pagdiriwang na:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Mahikayat ang mga tanggapan, paaralan, at iba pang stakeholder na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at pagpapahalaga sa Wikang Filipino;
   c. Maisulong ang paggamit, pagpapayaman, at intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pang-edukasyon at pangkultura;
   d. Mahikayat ang responsableng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pananaliksik, pagkatuto, at paglikha ng kaalaman habang pinananatili ang pagpapahalaga sa Wikang Filipino; at
   e. Maisulong ang makabuluhang paggamit ng Wikang Filipino sa harap ng mga umuusbong na teknolohiya para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral at ng sambayanan.

3. Bilang gabay sa pagpili ng paksa ng mga gawaing isasagawa, maaaring gamitin ang sumusunod na lingguhang tema na itinakda ng Komisyon sa Wikang Filipino:
   a. **Unang Linggo:** Etika at Responsableng Paggamit ng Artificial Intelligence (AI)
   b. **Ikalawang Linggo:** AI, Pagsasalin, at Filipino Sign Language (FSL) sa Inklusibong Edukasyon
   c. **Ikatlong Linggo:** AI at Pagpapalaganap ng Filipino at Preserbasyon ng mga Wika sa Pilipinas
   d. **Ikaapat na Linggo**: Wikang Filipino at AI sa Paglilingkod sa Bayan
   e. **Iba pang maaaring paksa:** Pamana, AI, at Gunita; Wikang Filipino at AI sa Edukasyon; Ang Hinaharap ng Kaalaman sa Panahong Digital; AI Bilang Kasangkapan sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino; AI at Paggamit ng Filipino sa Komunikasyon; at AI at mga Wikang Pilipino sa Paglinang ng Filipino.

4. Hinihikayat ang lahat ng tanggapan, mga pampubliko at pribadong paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon IV-A CALABARZON na makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 sa pamamagitan ng



DepED DEPARTMENT OF EDUCATION BAGONG PILIPINAS
Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal
Telephone No.: 02-8682-2114
Email Address: region4a@deped.gov.ph
Website: depedcalabarzon.ph
Certificate No. PHP QMS 22 93 0085

pagsasagawa ng mga angkop na programa at gawain batay sa kanilang pangangailangan, kakayahan, at lokal na konteksto.

5. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang, hinihikayat din ang paggamit ng Wikang Filipino sa mga ugnayang pang-opisina, pulong, programa, seremonya, at iba pang opisyal na gawain sa buong buwan ng Agosto, alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon at ng Komisyon sa Wikang Filipino.

6. Binibigyang-diin naman ng DepEd Order No. 009, s. 2026, o ang *Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education*, na ang *Instructional Block* ay nakalaan sa tuloy-tuloy at walang abalang pagtuturo at pagkatuto. Dahil dito, ang lahat ng gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay hindi dapat magdulot ng pagkaantala o pagkaputol ng regular na klase.

7. Ang mga pagdiriwang ay dapat isagawa sa paraang nakaangkla o isinama sa mga gawaing pampagtuturo at mga *learning activities* sa loob ng silid-aralan at iba pang opisyal na gawain ng paaralan. Ang anumang aktibidad na nangangailangan ng paglahok ng buong paaralan ay dapat isagawa sa paraang hindi makaaapekto sa nakatalagang *Instructional Block* at sa tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral.

8. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CARLITO D. ROCAFORT**
Direktor IV